MULING PAGDIDISTRISTO:

Ibigay ang inyong tugon tungkol sa iminumungkahing mapa bago ang ika-15 ng Nobyembre 2022.



King County GIS Center

Iminungkahi ng Komisyon sa Muling Pagdidistrito ng Seattle na Mga Hangganan ng Distrito ng Konseho ng Lungsod

1 Ang Komisyon ay lumikha ng opisyal na BURADOR na mapa ng kung ano ang maaaring maging mga hangganan ng Distrito ng Konseho ng Lungsod para sa susunod na 10 taon. Mga bagong hangganan ay makakaapekto sa kung sino ang kumakatawan sa inyo sa Konseho ng Lungsod.

2 Ikumpara ang umiiral at iminumungkahing mga hangganan. Base sa 2020 na Census, ang lungsod ng Seattle ay lumaki ng 21.1% mula 2010. Base sa legal na pamantayan* na bawat distrito ay dapat mayroong parehong populasyon sa loob ng 1%, na kung saan ay nasa 105,288.

*Basahin pa ang karagdagan sa likuran

Distrito	Kasalukuy-ang popu-lasyon	Iminungkahing populasyon sa mapa
1	99,698	105,848
2	99,163	105,520
3	106,845	105,011
4	106,103	105,614
5	99,102	105,150
6	102,753	105,861
7	123,351	105,091

3 Nais ng mga Komisyoner ang inyong tugon sa mga tanong na ito:

- Saan ang inyong kapitbahayan?
- Ang inyong kapitbahayan ba ay may mga ibinahagi na kultura, mga katangian, o samahan?
- Isipin ang kaugnayan ng inyong kapitbahayan sa pamahalaan ng Lungsod. Maapektuhan ba ang mga pagbabago sa hangganan ng distrito sa kung paano ang inyong pakikitungo sa inyong mga kinatawan?
- Ano ang mga paraan na maaaring makinabang ang inyong kapitbahayan sa mga pagbabago sa hangganan ng distrito?

Gamitin ang QR code na ito upang ipadala sa amin ang inyong tugon.

4 Alamin ang higit pa tungkol sa Proseso ng Muling Pagdidistrito:

- seattle.gov/redistricting
- Mga Tanong: mag-email sa elsa.batres-boni@seattle.gov

Seattle



King County GIS Center

Umiiral na mga Hangganan ng Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Seattle

*MGA TUNTUNIN SA MULING PAGDIDISTRITO**:*

- Ang mga distrito ay dapat halos magkapantay sa populasyon hanggat maaari sa bawat isa; ang populasyon ng pinakamalaking distrito ay dapat hindi lalagpas sa populasyon ng pinakamaliit na distrito ng higit sa isang porsyento [ng populasyon ng pinakamaliit na distrito]. Ito ay nangangahulugan na ang pinakamalaking populasyon ng distrito ay dapat hindi hihigit sa 101% ng pinakamaliit na populasyon ng distrito.
- Ang mga hangganan ay dapat iguhit upang gawing siksik hanggat maaari at magkadikit sa heograpiya.
- Ang mga distrito ay hind dapat mamanipula, at ang datos ng populasyon ay hindi maaring magamit para sa mga layuning pagpapabor o hindi pagpapabor sa anumang grupo ng lahi o politikal na partido.
- Ang bagong mga hangganan ng distrito ng Konseho ng Siyudad ay hindi dapat na ibase sa tirahan ng kahit na sinumang tao. Sa pagguhit ng kanilang mapa, ang Komisyon at mga GIS na konsultant ay hindi dapat na isaalang-alang ang tirahan ng sinumang tao.
- Hanggang sa abot na praktikal, ang mga bagong hangganan ay dapat sundin ang umiiral na mga hangganan ng distrito.
- Hanggang sa abot ng magagawa, ang mga bagong hangganan ay dapat sundin ang mga kilalang mga daluyan ng tubig at mga hangganan ng heograpiya.
- Hangga't maaari, ang bagong mga hangganan ay dapat na panatiliin ang mga komunidad at mga kapitbahayan ng Seattle.

**Charter ng Lungsod Subdivision D. MULING PAGDIDISTRITO NG KONSEHO (3) at RCW 29A.76.010(4)

SEATTLE REDISTRICTING 2021-2023